BA ENGLISH LANGUAGE STUDIES

Hibla



LITERARY FOLIO

FLE 1 Hibla ng Tubong at Kasarian para sa Pampanitikang Suplement ng Buslo ng Marinduque

Kasabay ng pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng Panitikan, ang Abril ay Kalutong Pilipino, para sa klase ng Hapones ngayong semestre, kagaya ng sinusundan nitong mga taon ay nakapaglabas ng mga literary folio kagaya ng Bakas, Bulong at Balumbon, Ikid x Iskrol noong 2024. Ang mga maunang awtput ay mula sa klase pa ng creative writing ng AB English at bridging course ng BA Communication, MaLIKHAin at Balangaw noong 2018 at Likhai nang 2023.

Para ngayong taong 2026, muling magkakaroon ng kasing halagang kahingian para din sa Buslo ng Marinduque tungkol sa araling pangakasiran. Ngayong Buwan ng Abril, ang tema ng pagdiriwang ng pambansang panitikan ay Beket Panitikan: Bigkis ng katwiran at kalikasan. Isa-isahin natin, parang mga sangkap sa putahe o lutoing Hapones binubuo ng mga pampanitikang anyo ng haiku, tanka at haibun. Ang Beket ay mula sa katutubong kounidad sa Palawan nangangahulugang pagkakaisa at pagbibigkis. Bagamat iba-iba ang anyo ng tanaga, dalit at diona ay may kaisahan at bigkis ang tema. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, pagkaisahan para sa katwiran at kalikasan. Alam natin ang katwiran ay may dulot at kakahinatnang ginhawa at Kalayaan. Habang Kalikasan ay mayroong gampaning pangalagaan.

Sa kabilang banda, para sa suplement ng Buslo ng Marinduque ikalawang tomo para sa mga usapin ng kasarian at lipunan. Umiinog ang tema sa mga konsepto, termino at salitang kasarian, kababaihan at LGBTQIA+. Malalim ang pinag-ugatan ng sari. Hindi simplistiko ang ideya ng ari. Ang katagang bai ay hindi lamang kuwento sa bibliyang hinugot sa tadyang ng lalaki. Ang LGBTQIA+ ay maraming hibla, hilatsa at himaymay. Ang lesbian ay galing sa maalamat na isla sa tula ni Sappho, ang lesbo. Ang gay naman ay ibig sabihin ay masaya. Ang bisexual ay galing sa unlapi o prefix na bi o dalawa. Ang trans sa transgender at transexual ay katumbas ng continuum o spectrum mula sa isang punto tungo sa kabila. Habang ang queer ay hindi nangangahulugang ng kawalan ng kategorya o hindi binary. Ang inter sa intersex ay katumbas ng mula sa labas o iba. At ang asexual ay walang kasarian. Sa huli, ang + ay hindi na nasaklaw ng alpabeto, lumampas pa ang kahulugan ng mga letra sa akronim.

Randi Nobureza
Nihongo/ Nippongo Sensei
Foreign Language 1
2nd semester 2026-27

Hibla ng LiTrato:



Ang Paghahabi sa Sining ng Panitikan

Sa bawat masining na paglikha, may mga tila sinulid na nag-uugnay sa ating nakaraan at kasalukuyan. Ang temang Hibla ay sumisimbolo sa bawat himaymay ng karanasan, kultura, at damdamin na maingat na pinagsasama-sama upang makabuo ng isang buong sining. Ang mga hiblang ito ang nagsisilbing pundasyon upang maisakatuparan ang isang malinaw na paglalarawan ng ating pagkatao. Makukulay na pinta kung maituturing ang bawat titik na nagbigay kulay sa literaturang nagpakilala ng kahusayan at ideya sa paglalaro ng mga mabubulaklak nitong ritmo. Sa bawat hibla ng kahapon na bumubuo ng larawan kung maituturing, ang rikit at kahusayan ng repleksyon ng bawat pusong manlilikha ang buhay na kanilang ibinabahagi sa nakamamanghang mga obra. Ang Tanka, Haiku at Haibun ay parte ng literatura na kilala sa makabaluhan nitong ambag sa larangan ng literatura. Bagaman sa karatig bansa nagmula ang orihinal na pagkakalikha ng mga kategoryang ito ay hindi na bago pa ang pagsasalin at pag-gamit ng wika sa partikular na larangan. Abril ang buwang kumikilala, nagpapatibay at nagpapaalala ng kahalagahan ng literatura sa patuloy na pagbibilang ng taon kung kaya't nananatili itong laganap hanggang sa makabagong henerasyon. Ang mga "LiTrato" na ito ay hindi lamang simpleng imahe, kundi mga buhay na patunay ng ating galing sa paghahabi ng salita. Ang bawat tula at kwento na ito ay nagsisilbing saksi sa walang hanggang pag-inog ng sining—isang pagtatagpi ng kahapon at ngayon upang lumikha ng isang obra maestrang mananatili sa puso ng bawat mambabasa.

TABLE OF CONTENTS

Introduction 1

Haiku

Pagmamahal 2

Huling Bantas 3

Ugat 4

Takipsilim 5

Tahi 6

Ulap 7

Hiblang Nag-uugnay 8

Tulay 9

Simula 10

Yapak 11

Tagpo 12

Bigkas ng Tinta 13

Selan 14

Ugnay 15

Ala-ala 16

Simoy 17

Pagkakaisa 18

Kaibigan 19

Paubaya 20

Karapatan 21

Dusa 22

Tibok ng Damdamin 23

TABLE OF CONTENTS

Gunita 24

Gabay ng Pangarap 25

Hapis 26

Hininga ng Bayang Sinilangan 27

Pag-asa 28

Pangarap 29

Kapalit 30

Tanka

Pagdurusa 31

Tintang Paghilom 32

Liyab 33

Kahungkagan 34

Remedyo 35

Gabi 36

Buklod ng Pangarap 37

Hiblang Dalawa 38

Ugnayan 39

Pahina 40

Pagkiling 41

Binhi 42

Banayad 43

Habi 44

TABLE OF CONTENTS

Pangako 45

Nagugulumihanan 46

Pagbubulkod 47

Magkasama Tayo 48

Tuldok sa Gitna 49

Hinaing 50

Lihim 51

Landas ng Pag-asa 52

Alaala 53

Dambana ng Lihim 54

Sulat ng Bayan 55

Himlay 56

Pagbabago 57

Sala 58

Buwan at Tala 59

Haibun

Pag-asa 60

Tuldok Na 61

Tahimik na Kahapon 62

Huling sinag ng araw 63

Naglalakbay din ang mga hibla 64

TABLE OF CONTENTS

Lakbay 65

Pagtitipon 66

Pahina 67

Anino ng Nakaraan 68

Daing 69

Walang Ningning na Panulat 70

Habi 71

Salamin 72

Kita 73

Gunita 74

Tali 75

Barya sa bawat ikot ng Gulong 76

..... 77

Unti unti 78

Ang Ala-ala mo 79

Yaman 80

Inang 81

Himig ng Katahimikan 82

Paglalakbay 83

Bukas na may ikaw 84

Pahina ng paglimot 85

TABLE OF CONTENTS

Pintuan ng mga Kwento ng Bayan 86

Tahanan 87

Tinig 88

Silakbo 89

Pagmamahal

Munting alaga,
Inaaruga't minamahal,
Sa piling payapa.

-Mika

Huling Bantas

Luma na'ng papel
Kuwento'y natapos na
Tuldok ay luha

—Navie

Ugat

Kapit sa tama
Upang hindi mawala
ang ating wika

—renaderu

Takipsilim



Lubog na araw
Kahel na kalangitan
Payapang tanaw

-Anni Ria

“Tahi”

Bawat sinulid
Na sa tela’y
sinulsi–
Sa puso’y habi.

-migeru



"Ulap"

Puting ulap lang
dahan-dahang lumilipad
dala'y pangarap

-Sandi

Hiblang Nag-uugnay



Salitang malumanay
Pusong dati ay malayo
Ngayon ay magkaugnay

—kikay

Tulay

MGA TITIK AY
TULAY NG MAGKAKAHIWALAY—
IISA ANG TINIG.

—NIKORU





Simula

~jana

Sa lupang sinta,
Ugat ay nagkaisa,
Sibol ng sigla.



Yapak

Kutob ay sundin,
Upang sa tama
dalhin,
Ang wika natin.

–Jardine

Tagpo



Pahinang bukas
Mga tinig nagtatagpo
Isang landas

-Janelle

Bigkis ng Tinta

Sa patak ng tinta,
magkakaibang tinig–
nagiging iisa.

Haiku

Selan

maselang hibla,
may taglay pa ring lakas—
tayo’y tinipon





Ugnay

Hiblang hinabi,
Salitang mabighani-
tula ay bukod tangi.

-Faulien

Ala-ala



Hibla ng noon
Sa puso'y nakabuhol
Hirap malimot.

Anghel

Simoy

Gabing tahimik
Sumisipol na hangin-
Sa'kiy bumulong

-ROMERU

Pagkakaisa

Sa iisang hibla,
mga tinig nagtatagpo—
lakas ay buo.

Haiku



Kaibigan

Dilim sa gabi
May kamay na dumadampi
Di ka nag-iisa

- joyce

PAUBAYA

Paalam na ba?
Dahil ang pag pilit pa...
ay ayoko na.

-JPRM

Karapatan

Dagat ay atin,
Yaman ng ating bayan,
Huwag agawin.

—Elysa

Dusa

Ulap sa dibdib,
Luha ay walang tinig
Gabi'y madilim.



Tibok ng Damdamin



Pagmamahal
Tahimik na puso,
Sa bawat tibok, ikaw
—
Pag-ibig ay wagas.

Gunita

Bawat pahina,

may bakas ng iyong tingin—

di pa rin kumupas.



“Gabay ng Pangarap”

PANGARAP NA TUNAY
SA LANDAS AY GABAY
BUHAY AY TAGUMPAY

-Star

haiku

Hapis

Piring ng gabi

buntong hiningang huli

alingaw ngaw na lamang

–mari

Hininga ng Bayang Sinilangan

Sa sariling lupa
Hininga ng bayang ito
Pag-ibig sumibol

Tahimik na tinig
Umaalingawngaw sa puso
Bayan ang himig

Sa bawat kwento
Alaala ng lahi't lupa
Di kailanman kupas

- Quiet Soul

Pag-asa

Gobiyerno’y tapat
Sa Pilipinas umaasa
Mabuting pamamahala

-Sabel

Pangarap

Munting pangarap
Sa puso ay liwanag
Daan ng bukas

-Angela

Kapalit

Gabi'y trabaho,

umaga'y pagpasok ko—

Puhunan sa kinabukasan.

Blackrose

Pagdurusa

Sa lupang mahal,
Hirap ay lumalala,
Dahil sa gahaman.
Pag-asa'y pilit hawak,
Katarungan ay hanap.

-Mika

Tintang Panghilom

Basag na puso
Sa tinta idinaan
Tahi ng berso.
Bawat letra'y may hapdi
Pag sulat nagin lunas

—Navie

Liyab

titik Ng apoy
sa dilim ay nagniningas
Ilaw Ng tuloy
sindihan Ang katwiran
tanglaw sa bawat daan

—renaderu



Kahungkagan

Walang damdamin
Tila loob ay hangin
Puso'y manhid na
Diwa ng niloloon
Unti-unting nawala

-Anni Ria

"Remedyo"

Tila inayos,
Mula sa pagkasira
Ng mga linyang
Halos 'di na makita;
Upang muling makita.

-Migeru

"Gabi"

Sa tahimik na gabi
buwan ang kasama ko
sa pag iisa
puso'y nagtatanong pa
kung sa'n ako patungo

-Sandi

Buklod ng Pangarap

Aklat na hawak-hawak
Kwento ay nagpapaliwanag
Tungo sa kabutihan
Ang ating mga pangarap
Sabay nating aabutin

—kikay

Hiblang Dalawa

SA SALITA'Y BUHOL,
PUSO'T DIWA'Y PINAG–ISA,
DIWA'Y NAGLALAKBAY—
PANITIKANG SUMASALO,
SA MUNDONG HATI–HATI.

—NIKORU



Ugnayan

~jana

Mundo'y nagtagpo,
Puso ay pinag-ugnay.
'Di mawawalay,
Hibla ng ating buhay,
Pagkat pag-asa'y taglay.



Pahina

Kagaya ng pahina,
Liparin bawat hibla,
Patungo sa masaya,
Dahil pagod na,
Ang bawat isa.

–Jardine

Tanka

Pagkiling



Sa bawat akda
Tinig ay nagtatagpo
Diwa'y nagising
Sa pahina ng laban
Tayo'y pinag-iisa

-Janelle



BINHI

Pahina’y bumubukas,

binhi ng karunungan

dahan-dahang sumisibol.

Sa agos ng mga salita,

diwa’y tuluyang namulat.

Tanka

Banayad

saklob liwanag,
takipsilim man, wala.
hiblang ‘di kita—
sa atin, nakatali.
oh, kay banayad, Mahal.

Araina



Habi

Sa hiblang ito,
Mga salitang magulo
Ay napagbuo.
Salita'y dugtong-dugtong,
Panitikan umugong.

-Faulien

Pangako

Hibla ng puso
Sayo lang nakatali
Hindi bibitaw
Kahit anong mangyari
Ikaw lang aking mahal.

Anghel

Nagugulumihanan

Tala ko'y gabay
Isip di mapalagay
Tungo ay saan?
Puso'y naguguluhan
Dito ba ang daanan?

-Romeru

Pagbubuklod

Tanka

Sa bawat titik,
ugnayang di napuputol
ang nahahabi.
Panitikang yumayakap,
tayo'y pinagbubuklod.



Magkasama Tayo

Sa gitna ng layo

May pusong sa'yo'y dumayo

Sa bawat salita

Unti tayong nagkakilala

Nanggang maging tayo



Tuldok sa Gitna

Rntig ng Puso,
Biglang huminto rito,
Sa maling oras,
Paubaya ang sagot,
Malaya kana sinta.

-JPRM

Hinaing

Barong maputi
Ngunit budhi ay dumi
Yaman kinamkam
Ang hubad sa lansangan
S'ya pa ang nahuhuli.

—Elysa

Lihim

Sa sulok kita
Lihim na pinagmasdan
Labi'y may ngiti
Damdami'y nakatago
Umaasa ang puso

Landas ng Pag-asa

Sa landas ng buhay,
Puno man ng
pagsubok,
Di ka nag-iisa.
May liwanag sa dilim,
Pag-asa'y laging
nar'yan.

Alaala

Sa likod ng liham,
mga pusong di umabot
sa tamang oras.
Ngunit sa bawat pagbasang muli,
ikaw pa rin ang dahilan.

Dambana ng lihim

Dalisday na hiling
Sa dambana ng lihim
yaring pag tingin
Bato ang iyong puso
Bingi saking bulong

-mari

Tanka

Sulat ng Bayan

Sulat ng bayan
Hibik ng puso ng bayang may
May gunita't dangal
Sa bawat salitang ukit
Diwa ng lahi'y buhay

Mga titik nitong
Nagdadala ng pag-asa
At alaala
Bawat linya'y kasaysayan
Na di kailanman kumupas

- Quiet Soul

HIMLAY

Sa lumang sulat,
bakas pa ang luha't kirot
ng kahapon ko.
Ngunit sa bawat pagbasa,
unti-unting naghihilom.

-Sabel

Pagbabago

Sa pagbabagong
Dati'y payapang mundo
Ngayo'y may gulo
Pangarap ay nagising
Sa pag-ikot ng mundo.

-Angela

Tanka

"Sala"

Inibig kita,
ngunit akin ring kamay noon
ang sumugat sa'yo.
Alam kong di kana babalik—
pero patuloy na maghihintay

-Blackrose

“BUWAN AT TALA”

Ikaw ay pangarap
Sa ilalim ng buwan
Tala’y saksi ko
Sa bawat tibok ng puso
Ikaw pa rin ang dulo

-Star

Pag-asa

Sa araw-araw na pamumuhay, maraming Pilipino ang patuloy na nagsisikap kahit kapos sa kita at pagkakataon. Habang ang iba ay naghihirap, may mga taong nasa kapangyarihan na inuuna ang pansariling interes. Dahil sa korapsyon, ang pondo na dapat para sa bayan ay nawawala, at ang mga serbisyong kailangan ng mamamayan ay hindi maayos na naibibigay. Sa kabila nito, hindi nawawala ang pag-asa ng mga Pilipino. Patuloy silang lumalaban at nangangarap ng isang mas maayos at tapat na pamahalaan.

Sa hirap ng buhay,
Bayan ay patuloy pa rin,
Pag-asa'y buhay.

-Mika

Tuldok Na

Minsan, ang pag-ibig ay parang pagsusulat lang ng nobela. Noong simula, ang dami nating ideya
Bawat gabi, punong-puno tayo ng mga plot twist at matatamis na linya
Pero ngayon, nakaranas na tayo ng matinding writer's block
Kahit anong titig ko sa blangkong papel, parang ayaw nang lumabas ng mga salita Mahirap pilitin ang isang kuwento kung ang tinta ay tuyo na at ang mga tauhan ay hindi na magkaintindihan
Sa mundo ng panitikan, hindi lahat ng istorya ay kailangang magkaroon ng happy ending. Minsan, ang pinakamagandang gawin ay bitawan na ang panulat at hayaan na lang ang mga pahinang ito na maging bahagi ng nakaraan

Sa huli, kailangan nating tanggapin na ang bawat kabanata ay may dulo. Hindi man natin natapos ang librong sinimulan natin, kahit paano, naging bahagi tayo ng panitikan ng buhay ng isa't isa

Luma na itong papel
Kuwento nati'y tapos
Tuldok ay luhang pumatak
Puso'y di na kapos.

—Navie



Tahimik na kahapon

Sa pagitan ng liwanag at anino, nananatili ang mga alaala ng kahapon. Hindi man sila marinig, ramdam pa rin ang kanilang presensya—parang hangin na dumaraan at saglit na humahaplos sa balat. May mga sandaling pilit hinahawakan ang mga iyon, umaasang hindi maglalaho. Ngunit tulad ng dapithapon, unti-unti rin silang nagiging anino. Sa huli, natutunan na ang katahimikan ay hindi kawalan, kundi isang anyo ng pag-alala.

mahina ang hangin
sumasabay Ang damdamin
sa paglipas din

—renaderu

Huling Sinag ng Araw

Sa bawat araw na lumilipas, may paalala ang mundo na walang nananatili. Ngunit sa halip na matakot sa naturang pagtatapos, dapat nating matutunang yakapin ito ng lubos, sapagkat sa bawat wakas ay may kakaibang ganda at tahimik na bumabalot.

Hindi lahat ng pagtatapos ay pagkawala. Minsan, ito ay pagrerespeto sa naging ganda ng isang simula. Tulad ng paglubog ng araw, may katahimikan sa pagwawakas—isang paalala na may kabuluhan ang bawat sandali na lumipas.

Hindi lahat ng pagtatapos ay
pagkawala. Ang pagtatapos
Sa paglubog ng araw
May gandang taglay

-Anni Ria

Haibun



"Naglalakbay din ang mga hibla"

Tumatakbong tila sinulid sa telang puro punit. Dala ng isang karayom na walang humpay sa pag-ikot, ahon, lubog, at pagsulong. Sinisira ang imaheng luma't nakasanayan upang bigyang-daan ang bagong litratong may dalang liwanag. At sa dulo, ang siyang karayom din ang tatapos sa kanyang nasimulan.

Maaaninag
Mula sa pinagmulan,
Ang naging daan.

-migeru

Haibun

"Lakbay"

Sa bawat araw na lumipas,natututo akong tanggapin
ang mga bagay na hindi ko
kontrolado,Hindi man malinaw ang direksyon,
patuloy pa rin akong naglakakad,umaasang
darating din ang tamang panahon

Tahimik na daan
hakbang ay mabagal man
may patutunguhan

-Sandi

Pagtitipon

Tuwing Linggo ng hapon, buhay ang maliit na hardin sa gitna ng barangay. Nakaupo rito ang mga matatanda, hawak ang mga lumang aklat at kwentong ipinamana pa. Nakapaligid ang mga kabataan habang binabasa nila ang mga kwento ng tapang, kabutihan, at pagmamahal sa kapwa.

Ang mga salitang ito ay parang musika naglalapit ng damdamin at nagbibigay-asa. Sinasabi nila na ito ay parang ugat ng puno: habang malalim, mas matibay ang samahan, at mas maraming tulong na maibibigay natin sa isa't isa.

—kikay



Pahina

SA BAWAT PAHINA NG KASAYSAYAN, MAY MGA TINIG NA MATAGAL NANG NAGHAHANAP NG PAKIKINIG. SA KABILA NG PAGKAKAIBA-IBA—WIKA, KARANASAN, AT PINANGGALINGAN—ANG PANITIKAN ANG NAGSISILBING HIBLA NA UNTI-UNTING NAGHAHABI NG PAGKAKAISA. SA PAGBABASA AT PAGSUSULAT, HINDI LAMANG KWENTO ANG NAIBABAHAGI, KUNDI DAMDAMIN, PANININDIGAN, AT PAG-ASA.

SA MUNDONG MADALAS HATI-HATI, ANG PANITIKAN ANG TAHIMIK NA NAGTATAGUYOD NG UGNAYAN—PINAPAALALA NA SA LIKOD NG BAWAT SALITA, MAY PUSONG NAGHAHANGAD NG PAG-UNAWA.

—NIKORU

Anino ng Nakaraan

Sa dilim ng alaala, anino'y bumabalik,
Mga yapak ng hahapon, sa isip ay sumislip.
Ang mga nawaglit, sa puso'y muling gumuguhit,
Mga ala-alang tinanggal, muling nannatili't humihirit.

Sa balag ng panahon, pinaglaho't iniwan,
Ngunit mga sugat, tila di pa naihibilom.
Sa likod ng puso, may mga lihim na pighati,
Mga aninong pilit na bumabalik at humahati

Habang ang buwan ay tahimik na
Sinasariwa ang mga pait at ligaya
Lulan ng anino, mga alaala'y dum
Mga aninong nakalipas na hindi n

Daing

-jana

Tila ba bawat gising ay isang pakikidigma sa nagtataasang presyo ng bilihin at sa init na tuwinay sumasakal sa mga pananim.

Sa mga kalsada, mababakas ang pagod sa mga mata ng mga manggagawang pilit pinagkakasya ang kakarampot na kita sa gitna ng krisis na hindi pumipili ng biktima.

Ngunit sa kabila ng ganitong hirap, kung ang bawat isa ay magsisilbing matibay na hibla, walang sinumang lulubog sa baha ng kawalan.

Ang panitikan ay hindi lamang sining sa panahong ito sapagkat ito ay nag aalab na katwiran na sumisigaw para sa katarungan at pagkalinga sa ating kalikasan at kapwa.

Daing ay dinggin,
Bisig ay pagbuklurin,
Gamit ang sining.

Haibun

Walang Ningning na Panulat

Sa araw-araw na pagsusulat, ang mga salita ay sumasayaw pa noon tulad ng mga bituin sa madilim na langit—mabilis, puno ng liwanag, walang pagod. Ngunit isang umaga, nawala ang gana sa aking dibdib. Ang pluma ay bigat na parang bato, ang papel ay puti at walang buhay. Ano ang nangyari? Ang apoy ng pagkamalikhain ay yumakap sa hangin, nawala nang walang babala. Hindi na ako nakakahanap ng gana sa mga tula, sa mga kwento na dati ay sumasabog sa aking isip. Panitikan, ang dating tahanan ng aking kaluluwa, ay naging madungis na silid, puno ng alikabok at limang nakalimutan. Ito'y parang pagkawala ng musa: hindi dahil sa pagod ng katawan, kundi dahil ang sarili ko'y nawalan ng ningning, walang liyab na magpapayabong sa bawat titik.

Walang gana sa dibdib,
Pluma'y natutulog nang mahimbing—
Puting papel, walang himig.

—Jardine

Habi

Sa bawat pahina ng panitikan, may hiblang nag-uugnay sa mga kuwento—hiblang hinabi ng alaala, pakikibaka, at pag-asa. Tulad ng telang dahan-dahang tinatahi, ang bawat tula, kuwento, at sanaysay ay nagiging bahagi ng isang mas malaking habi ng karanasan ng bayan. Sa bawat pagbasa, may isang hiblang muling nagiging buháy. Sa katahimikan ng mga salita, sumisibol ang tinig ng nakaraan at kasalukuyan. At sa pag-unawa, nagkakaroon ng saysay ang ating pagkakaisa bilang isang sambayanan. Kaya't ang panitikan ay hindi lamang salamin, kundi tulay na nagdurugtong sa ating pagkatao.

Sa hiblang payak,
kwento'y nagkakabuhol—
bayan ay buo.

-Janelle



Salamin

Sa gitna ng katahimikan ng silid, binubuklat ang mga pahinang tila may sariling pintig. Dito, ang mga salita ay hindi lamang itim na marka sa puting papel; sila ay mga lamat sa pader ng panahon na nagpapahintulot sa atin na sumilip sa nakaraan at humabi ng kinabukasan. Ang panitikan ay nagsisilbing tulay na nag-uugnay sa ating mga pag-iisa, isang paalala na ang ating mga luha at tawa ay naramdaman na rin ng iba bago pa man tayo isilang. Sa bawat kabanata, unti-unting nabubuo ang larawan ng ating pagkatao—isang walang hanggang paglalakbay pabalik sa sarili.

Sinaunang tinig,
Sa aklat nananahan,
Gabay sa buhay.



Haibun

Kita

Buhol-buhol, magulo, at maselan—ganoon siguro kung ipapaliwanag ang hiblang nakapalibot sa atin na ako lang ang nakakakita.

Madali lang sa aking maggupit, ngunit bakit ko gagawin? Nariyan ‘yan sapagkat nararapat na nariyan.

Sa muling pagkikita natin, ang madilim mong mga mata ang agad kong napansin. Sa ilalim ng masilaw na liwanag ng araw, sa ibabaw ng malambot at pinong buhangin, ang tingin mo’y nananatiling diretso.

Wala namang nagbago. Ganoon pa rin tayo.

Pero sige—oo. Mas tahimik nga.

Tahimik, tipong kahit paghinga ko ay nabibilang ko na.

Ngunit ang hiblang ako lamang ang nakakakita ay nariyan pa rin, sumasabay sa banayad na alon ng dagat na nakapalibot sa atin.

Dito na lang tayo, kahit magulo.

hiblang ‘di kita
sa pagitan ng alon
‘di napuputol

Araina

Haibun

Gunita

May hiblang hindi nakikita ngunit dama sa bawat hibla ng damdamin. Ito ang hibla ng alaala—minsan buo, madalas punit, ngunit patuloy na hinahabi ng panahon. Ang manunulat ay hindi lamang naghahabi—siya rin ay hinahabi ng kanyang mga salita. Ang hibla ay nagiging tulay: mula sa nakaraan tungo sa kasalukuyan.

Ang panitikan ay parang habi ng buhay—may buhol, may lamat, ngunit may saysay. Sa bawat taludtod, ang hibla ay nagiging tulay: mula sa sugat tungo sa paghilom, mula sa katahimikan tungo sa tinig.

At sa huli, ang buket panitikan ay hindi lamang ganda ng anyo, kundi lalim ng pinagdaanan—isang habing hindi perpekto, ngunit totoo.

Haiku sa loob ng Haibun:
Hiblang sugatan,
Salita'y tinatahi—
Buhay gumaganda.

-Faulien



Tali

Parang pinong hibla na unti-unting humahabi sa ating mga puso. Sa simula ay payat at tila marupok, ngunit habang tumatagal at pinagdurugtong-dugtong, ito ay nagiging matibay na tali na hindi madaling mapatid. Kahit anong unos ang dumaan, kahit gaano man kalayo ang ating mga katawan, nananatiling nakakabit ang ating mga kaluluwa. Ito ang sagradong ugnayan na binalot ng pangako at walang hanggang pagtingin.

Hibla ng pag-irog
Sa puso ay nakaukit
Habambuhay na.

Anghel

Barya sa bawat ikot ng Gulong

Munti ang barya kumpara sa bilang ng pawis at pagod na iginugugol ng mga namamasada upang kumita mula sa maliit na halaga. Kakampi ang munting manubela sa pagpapatakbo ng para sa kanila ay gintong karuwahe - ang nagsisilbing kinang at pag asa para sa kanilang ikabubuhay sa kabila ng nakapapasong sikat ng bituin sa umaga. Maging dugo ay puhunan sa milyang tinatahak ng bawat gulong papunta sa destinasyon at pabalik sa pinaroonan na mistula'y walang katapusan, mayroon lamang maihaing butil na mapagsasaluhan. Minsa'y kasaganahan, minsan naman ay sapat lamang sa apat na sulok ng hapag ang gulong ng palad.

matatapos din
tatahakin ma'y tinik-
makararaos

-Romeru



Haibun

SA GITNA NG IBA'T IBANG TINIG, MAY PANITIKANG MARUNONG MAKINIG. HINDI NITO HINAHATI ANG TAO, BAGKUS AY PINAGLALAPIT—PARANG HIBLANG UNTI-UNTING HINAHABI UPANG MAGING ISANG BUO. SA BAWAT KUWENTO AT TULA, MAY LAKAS NA MAGTAGUYOD: NG DAMDAMIN, NG PAGKAKAISA, AT NG PAG-ASA NA HINDI BASTA MAPUPUTOL.

SA BAWAT SALITA,
MAY TULAY NA NABUBUO—
TAYO'Y IISA.

MAKU

Unti-unti

May mga pagkakataon na parang magkakalayo ang lahat. Tahimik lang ang bawat isa, walang nagsisimula. Pero sa isang simpleng tanong o ngiti, may nabubuong koneksyon. Unti-unti, nagiging magaan ang pakiramdam dahil may taong handang makinig at umintindi.



Sa simpleng usap
Pusong dati'y nag-iisa
Ngayon may kasama

Ang Ala-ala mo

Masarap balikan ang mga panahong masaya at walang problema. Ngunit ang kislap ng ating nakaraan ay biglang naglaho nang iwan mo ako sa isang iglap. Sa bilis ng iyong pag-alis, tila nakalimutan mo ang "tayo." Umayaw ka at iniwan mo akong may magulong isipan.Gayunpaman, pinili kong maging matatag. Sa halip na magmukmok, ginawa kong hagdan ang sakit para muling bumangon at matuto sa iniwan mong hapdi.

Dating saya,
Naging aral na lang ba?
Ngayo'y laya na.

-JRRM

Yaman

Sa gitna ng asul na lawak, kung saan ang bawat alon ay tila awit ng ating mga ninuno, matatagpuan ang yaman ng ating karagatan. Dito, ang mga mangingisda ay hindi lamang huli ang dala, kundi ang pag-asa ng kanilang mga pamilya. Ngunit sa pagitan ng mga alon, may aninong dumarating, mga dambuhalang bakal na tila gustong sumakop sa katahimikan ng ating bakuran. Bagaman may pangamba, ang paninindigan ay nananatiling kasing-tibay ng mga bahura sa ilalim ng dagat, naghihintay ng liwanag at katarungan.

Bughaw na yaman,
Sa atin ang bawat patak
Atin ang dagat.

—Elysa

Inang

Tahimik na ang bahay tuwing umaga. Wala na ang mahinang kalansing ng pinggan, ni ang pamilyar na himig ng iyong pag-awit habang nagluluto. Sa bawat sulok, naroon ang bakas mo, sa upuang lagi mong inuupuan, sa kurtinang marahang hinihipan ng hangin. Hinahanap ka ng aking mga mata, ngunit alaala na lamang ang iyong anyo.

Gayunman, sa bawat salitang aking sinusulat, tila muli kitang nakakausap. Sa bawat hibla ng gunita, buháy ka pa rin sa aking puso.

Haplos ng hangin,
parang tinig mong muli—
ako'y umuuwi.

dana

Himig ng Katahimikan

Sa tahimik na sulok ng aking silid, pinakikinggan ko ang marahang paghinga ng gabi. Walang ingay kundi ang pintig ng sariling damdamin—mga alaala ng saya, lungkot, at pag-asa. Sa bawat sandaling lumilipas, unti-unti kong nauunawaan na ang katahimikan ay hindi kawalan, kundi isang anyo ng paghilom.

Paglalakbay

Sa bawat pagbuklat ng lumang pahina, may mga alaala na muling bumabalik na parang hindi kailanman nawala. Ang mga salita ay tila may sariling buhay—minsan ay nagpapagaan, minsan ay bumibigat sa dibdib. Sa pagitan ng mga linya, naroon ang mga hindi nasabi, mga damdaming hindi naabutan ng pagkakataon. Ang panitikan ay nagiging tulay ng nakaraan at kasalukuyan, kung saan ang tao ay patuloy na naghahanap ng kahulugan sa mga bagay na minsan ay hindi niya maintindihan.



Lumang pahina'y
bumubulong ng kahapon—
ako'y nandoon.

"BUKAS NA MAY IKAW"

Nakatitig ako sa salamin, tanong sa aking sarili: sino ba ako sa gitna ng agos ng buhay? Ang kinabukasan ay parang malabo na landas sa gubat, puno ng posibilidad at panganib, habang ang tadhana ay tahimik na humihila ng mga hibla mga aral mula sa nakaraan, pangarap sa hinaharap. Sa bawat hakbang, natututo akong magtiwala sa aking lakas at sa biyayang darating.

Sarili ko'y tanong
Kinabukasan, landas ba
Tadhana'y gabay

-Star

Pahiwatig ng pagliimot

Sa bawat gabi, itinititik ko ang iyong pangalan sa mga pahinang hindi mo kailan man babasahin. Ang ationg pag ibig ay isang sikreto,tahik,patago at tayo lamang ang nakakaalam isang lihium na panata sa gitna ng magulong mundo

Hinahayaan kong ang aking bulong ay dalhin ng hangin at umaasang sa isang saglit ay madami mo ang hinagpis ng iyong pagka wala.

-mari

Haibun

Pintuan ng mga Kwento ng Bayan

Sa bawat pahina ng panitikan ng ating bayan, tila may pintong bumubukas patungo sa kasaysayan, kultura, at pagkakakilanlan ng ating lahi. Dito natin mas nakikilala ang sarili bilang bahagi ng isang lipunang mayaman sa tradisyon at alaala.

Sa mga kwento ng ating nayon at bayan, nabubuhay ang damdamin ng pag-ibig sa sariling lupa—sa sakit, saya, pakikibaka, at pag-asa na ating pinagdadaanan bilang isang sambayanan. Ang panitikan ay hindi lamang salaysay, ito ay tulay na nag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng ating bayan. Sa bawat salitang binabasa at isinusulat, muling humihinga ang diwa ng ating pagkamakabansa.

Sa lupang sinilangan
Kwento'y di kumukupas
Bayan ay buhay

- Quiet Soul

Tahanan

Tahimik ang baryo nang ako’y mapadpad sa makitid na landas sa gilid ng bukid. Humahalik sa balat ang malamig na hangin, may dalang halimuyak ng lupang bagong gising. Tila may mga kuwentong ibinubulong ang damo sa bawat indayog nito. Sa bawat hakbang, mas luminaw ang tinig ng paligid—huni ng ibon, buntong-hininga ng hangin, at ang katahimikang hindi kailanman naging hungkag. Doon ko naunawaan: hindi pala kailangang malayo ang marating upang matagpuan ang kapayapaan—sapagkat minsan, ito’y naghihintay lamang sa dulo ng isang simpleng landas.

Sa dulo ng daan,
puso’y marahang humimlay—
tahanan pala.

-Sabel

Haibun

TINIG

Sa mundo ng PANITIKAN, ang bawat salita ay may bigat at kahulugan na hindi agad nakikita ng mata. Sa pagbubukas ng isang AKLAT, hindi lamang pahina ang lumalantad kundi pati mga alaala, damdamin, at karunungang nagmumula sa iba't ibang panahon. Dito ko natutuklasan na ang panitikan ay hindi lamang mga titik na nakasulat, kundi tinig ng nakaraan at kasalukuyan na patuloy na humuhubog sa pag-iisip at pagkatao. Sa bawat pagbasa, parang may bumubulong na mga kwento ng pag-asa, pakikibaka, at pagbabago na humahawak sa aking kamalayan.

Habang lumalalim ang aking pag-unawa, mas nagiging malinaw na ang panitikan ay salamin ng SALITA na buhay na buhay—may galaw, may kulay, at may damdamin. Ito ay parang ilog na patuloy na dumadaloy, hindi tumitigil, at patuloy na nagbibigay ng aral sa bawat pampang na dinaraanan nito. Sa pamamagitan nito, natututo akong pahalagahan ang mga kwento ng iba at ang sarili kong paglalakbay sa buhay.

Sa pagbukas ng isipan, ang panitikan ay nag-iiwan ng apoy sa aking kalooban—isang TINIG na patuloy na umiilaw at nagbibigay liwanag sa aking pag-unawa sa mundo.

Sa lumang AKLAT
sumibol ang SALITA
TINIG SA DIWA.

-Angela

Silakbo

Hindi siya umiyak sa harap ng iba. Sanay siyang lunukin ang sakit, itago ang pagod, at magpatuloy kahit halos wala nang natitira sa kanya. Sa bawat pangarap na hindi agad naabot, may kapalit na puyat, pagdududa, at tahimik na pagkabasag ng sarili.

May mga gabing tinatanong niya kung sapat ba siya—kung may patutunguhan pa ba ang lahat ng pagod na 'to. Pero kahit paulit-ulit siyang nadudurog, pinipili pa rin niyang buuin ang sarili. Dahil sa mundong walang kasiguraduhan, ang tanging pinanghahawakan niya ay ang apoy ng kanyang ambisyon.

Tahimik na sigaw,
durog man ang pakiramdam—
bangon, kahit sugatan

-Blackrose